


# BreastScreen Victoria

## Papel-pangkaalaman



BreastScreen  
Victoria

Caring about Women



## Bago ang pag-iskrin

### Tungkol sa BreastScreen Victoria

Ang BreastScreen Victoria ay nag-aalok ng libreng mga pag-iskrin ng suso sa mga kababaihan na may edad na 40 at higit pa. Ang BreastScreen Victoria ay nangongontra ng mga pampubliko at pribadong Tagapag-paubaya ng Serbisyo sa Kalusugan upang makapaghatid ng pag-iskrin ng suso sa Victoria. Ang BreastScreen Victoria ay bahagi ng BreastScreen Australia, ang pambansang programa ng pag-iskrin para sa kanser sa suso.

### Ano ang pag-iskrin ng suso?

Ang pag-iskrin ng suso ay isang larawan ng suso (tinatawag ding mammogram). Matutuklasan ng mga pag-iskrin ng suso ang mga kanser na masyadong maliit para makita o madama. Kung mas maagang matuklasan ang kanser sa suso, mas malaki ang mga tyansa ng positibong kalalabasan.

### Paano kung mayroon akong mga sintomas sa suso o mga pagbabago?

Kung may napansin kang kakaibang pagbabago sa iyong mga suso tulad ng bukol, pananakit o pagtulo mula sa utong, mahalaga na bumisita ka sa iyong doktor sa lalong madaling panahon, **bago ang iyong pakikipagkita** sa BreastScreen Victoria.

### Ligtas ba ang mga pag-iskrin ng suso?

Sa bawat pagpapa-iskrin mo ng suso, ang iyong mga suso ay nalalantad sa napakakaunting radyasyon. Ipinapakita sa pananaliksik na ang mga benepisyo ng mga pag-iskrin ng suso para sa maagang pagkatuklas ng kanser ay mas higit keysa sa anumang mga panganib na dulot ng radyasyon.

### Pagkuha ng mga imahe ng iyong suso

Ang pagtingin sa iyong nakaraang mga imahe ng suso o mammogram ay nagpapataas sa katumpakan ng resulta ng iyong pag-iskrin. Nang mag-book ka ng iyong pakikipagkita, tinanong namin kung ang iyong huling mammogram ay sa labas ng programa ng BreastScreen Victoria. Inalok din naming makuha ang mga ito sa kompyuter nang may pahintulot mo. O kaya naman ay hiniling namin na dalhin mo ang iyong mga imahe ng suso sa araw ng iyong pakikipagkita.

### Kasaysayan ng pamilya

Tinitipon ng BreastScreen Victoria ang impormasyon tungkol sa kasaysayan ng mga pamilya ng kababaihan sa kanser sa suso at obaryo upang mabigyan namin sila ng mas mahusay na pangangalaga.

Ginagamit ng BreastScreen ang impormasyong ito upang tantiyahin ang personal na panganib ng pagkakaroon ng kanser sa suso. Bago kumpletuhin ang iyong pormularyo sa pagrehistro, mangyaring kausapin ang iyong pamilya tungkol sa inyong kasaysayan ng pamilya. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [breastscreen.org.au/familyhistory](http://breastscreen.org.au/familyhistory)

### Paano kung nilagyan ako ng mga breast implants?

Karamihan sa mga kababaihan na nilagyan ng mga pampalaki ng suso ay maaaring magpa-iskrin sa suso. Mangyaring basahin ang papel-pangkaalaman na may pamagat na Breast screening for women with implants (Pag-iskrin ng suso para sa mga kababaihang nilagyan ng pampalaki ng suso). Pumunta sa [breastscreen.org.au/Breast-Screening/The-Facts](http://breastscreen.org.au/Breast-Screening/The-Facts) o ang mga naka-imprentang kopya ay makukuha sa mga klinika sa pag-iskrin.

### Ano ang dapat kong isuot sa aking pakikipagkita?

Magsuot ng palda o pantalon at blusa, para matanggal mo ang iyong blusa para sa pag-iskrin ng suso.

## Habang nagpapa-iskrin

### Ano ang mangyayari sa aking pakikipagkita?

Ikaw ay sasalubungin ng isang kawani ng BreastScreen Victoria kawani na magpapaliwanag kung ano ang mangyayari sa klinika. Isang babaeng mammographer ang magdadala sa iyo sa silid ng pag-iskrin. Pakisabi sa amin kung nais mong magsuot ng gown. Kung handa ka na, ang mammographer ay kukuha ng kahit dalawa man lamang na mga larawan ng bawat suso.

### Maaari ba akong makipag-usap sa mammographer?

Oo, ang pakikipag-usap sa iyong mammographer ay mahalaga, lalo na kung mayroon kang anumang mga alalahanin. Ikalulugod nilang sagutin ang anumang mga katanungan.

### Masakit ba?

Habang nagpapa-iskrin ng suso, normal lang na makadama ng kirot, ngunit ito ay tatagal lang ng ilang segundo. Ito ay dahil ang iyong mga suso ay kailangang diinan nang maigi ng dalawang plaka (plate) sa makina ng pag-iskrin upang malinaw ang larawan na makukuha. Pakisabi sa iyong mammographer kung may nararamdaman kang sakit. Siya ay tutulong sa iyo upang matiyak na ang pag-iskrin ng suso ay maging kumportable hangga't maaari. **Maaari mong ipahinto sa mammographer ang pag-iskrin sa suso anumang oras.**

### Kailangan ba naming diinan ang iyong mga suso?

Oo kailangan naming gawin ito, ngunit para sa napakahalagang mga kadahilanan. Ang pagdiin ay nagpapanatili sa mga suso na hindi gumalaw at nilalatag at pinaghihiwalay ang mga tisyu ng suso upang sa gayon ay makakuha kami ng malinaw na larawan sa mammogram.

## Pagkatapos ng pag-iskrin

### Kailan ko makukuha ng aking mga resulta?

Ang iyong mammogram ay magkahiwalay na susuriin ng dalawa o higit pang mga sadyang sinanay na mga propesyonal sa kalusugan. Ang iyong mga resulta ay ipadadala sa iyo sa loob ng 2-4 na linggo. Ang iyong mga resulta ay ipadadala rin sa iyong doktor kung ibinigay mo ang kanilang mga detalye.

### Paano kung ako ay pinabalik para sa higit pang mga pagsusuri?

Minsan ay pinabalik ang mga babae sa BreastScreen para sa higit pang mga pagsusuri. Ito ay hindi nangangahulugan na may kanser sa suso, ngunit kung minsan ay mas maraming pagsusuri ang kailangan upang makatiyak. Mas madalas na nangyayari ito sa mga kababaihan na nagpa-mammogram sa unang pagkakataon. Kadalasan dahil walang ibang mga mammogram na maaaring ihambing dito. Karamihan sa mga babaeng pinabalik para sa higit pang mga pagsusuri ay walang kanser sa suso.

## Matutuklasan ba ng pag-iskrin sa suso ang lahat kanser?

Ang pag-iskrin ng suso ang pinaka-epektibong pagsusuri upang matuklasan ang kanser sa suso nang maaga. Gayunpaman, ang mga ito ay hindi 100% na tumpak. May maliit na tyansa na ang mammogram sa pag-iskrin ay mukhang normal kahit na may kanser sa suso.

## Makalipas ang dalawang taon

### Ano ang mangyayari kapag nakatakda na ang aking susunod na pag-iskrin ng suso?

Ang pag-iskrin ng suso tuwing ikalawang taon ang pinakamahusay na paraan upang matuklasan nang maaga ang kanser sa suso. Magpapadala sa iyo ang BreastScreen Victoria ng isang paalalang sulat kapag ang iyong susunod na pag-iskrin ng suso ay nakatakda na. Ang mga kababaihan sa edad na mga 40 o higit sa 74 ay hindi makakatanggap ng isang paalalang sulat ngunit maaari silang makipagkita sa amin bawat ikalawang taon.

### Ano pa ang dapat kong gawin sa pagitan ng mga pag-iskrin ng suso?

Kahit na mayroon kang bawat-ikalawang-taon na mga pag-iskrin ng suso, mahalagang magkaroon ng kamalayan sa suso dahil anumang oras ay maaaring magkaroon ng kanser sa suso. Iminumungkahi namin sa iyo na alamin ang mga normal na hitsura at pakiramdam ng iyong mga suso at makipagkita kaagad sa iyong doktor kung napansin mo na may kakaibang mga pagbabago, tulad ng mga bukol, pananakit o tulo sa utong.

## Ang iyong pagiging pribado

Ginagamit ng BreastScreen Victoria ang impormasyon na iyong ibinigay at ang mga resulta ng iyong pagsusuri, upang ma-iskrin sa kanser sa suso at magbigay ng follow-up kabilang ang paalala kung kailan nakatakda ang susunod mong pag-iskrin. Awtorisadong mga tao lamang ang may access sa iyong impormasyon. Gagamitin lamang namin o ipalalabas ang impormasyong tumutukoy sa iyo nang may pahintulot mo, o kung ipinag-uutos sa amin ng batas. Ang access sa iyong impormasyon para sa pananaliksik ay ipaubaya lamang kung aprobadong ng etika (ethical approval). Pumunta sa [breastscreen.org.au/privacy](http://breastscreen.org.au/privacy)

**Makipag-ugnay sa amin:** email [info@breastscreen.org.au](mailto:info@breastscreen.org.au) o tumawag sa **13 20 50**

## Mag-book sa [breastscreen.org.au](http://breastscreen.org.au) o tumawag sa **13 20 50**



Para sa karagdagang impormasyon o para baguhin ang iyong mga detalye, bisitahin ang [breastscreen.org.au](http://breastscreen.org.au) o tumawag sa **13 20 50**



Para sa tulong ng interpreter, tumawag sa **13 14 50**



Nakasalin na impormasyon: [breastscreen.org.au/translations](http://breastscreen.org.au/translations)

**TTY 13 36 77** kung ikaw ay may kahirapan sa pandinig o sa pananalita



Kinikilala ng BreastScreen Victoria ang suporta ng Pamahalaan ng Victoria.